

Paglalatag ng Karanasan ng mga Guro sa Implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa Iloilo City

Teachers' Experience in the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) in Iloilo City

Jonevee Amparo
Unibersidad ng Pilipinas Visayas
jonevee_amparo@yahoo.com

Nakapaloob sa Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) ang isang patakarang pangwika na may kinalaman sa paggamit ng wikang panturo sa antas primarya ng edukasyon sa Pilipinas. Sinimulan ang hakbang sa paghahanda sa bansa nang inilabas ang Department Order 74, s. of 2009. Naipatupad noong 2012 ang MTB-MLE sa bansa bilang bahagi ng K to 12 na kurikulum. Ang pag-aaral ay naglalayon na masuri at maibalweyt ang mga ginawang paghahanda at pagpapatupad ng MTB-MLE upang makita ang mga hamon at makatulong sa paghahanap ng mga mungkahi para sa mas mabisang paraan sa pagpapatupad nito. Sinuri nito ang gap sa paghahanda at pagpapatupad mula taong 2012 hanggang taong 2015 ayon sa pagsusuri ng dokumento at sa naratibo ng karanasan ng mga guro. Ang pag-aaral ay nakasandig sa pananaliksik ni Joan Rubin (1971) sa pagpaplanong pangwika. Ayon kay Rubin, ang proseso ng ebalwasyon sa pagpaplanong pangwika ay ang (1) malawakang paghahanap ng datos; (2) pagpaplanong layunin, estratehiya, at outcomes; (3) implementasyon; at (4) feedback. Ang mga datos sa pag-aaral na ito ay nakalap sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga primarya at sekundaryang dokumento, pakikipanayam, survey, at focus group discussion (FGD). Sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng Thematic Analysis at Strength, Weakness, Opportunity, and Threat (SWOT) Analysis. Ilan sa mga iminumungkahi sa pag-aaral ay ang ang re-training at tuloy-tuloy na pagsasanay ng mga guro para sa MTB-MLE, lalong palawakin ang kamalayan ng komunidad tungkol dito, at pagtibayin ang pakikisangkot ng lokal na pamahalaan sa mga gawain para dito. Kailangang magkatugma ang mga estratehiya ng pagpaplanong pagpapatupad, at ang mga layunin ng programa sa lingguwistiko, ekonomiko, at kultural na kondisyon ng komunidad.

Mga Susing salita: Polisiyang Pangwika, Mother Tongue-Based Multilingual Education, Karanasan ng mga Guro sa MTB-MLE

The Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) encompasses a language policy related to the use of the language of instruction at the primary level of education in the Philippines. MTB-MLE was initialized through Department of Education Order 74, s. of 2009 and was then fully implemented in the country as part of the K to 12 curriculum in 2012. This study aims to evaluate the preparation and implementation of MTB-MLE to find out the challenges, and help identify suggestions for more effective implementation. This study examines the gap between preparation and implementation from 2012 to 2015 and analyzes strengths and weaknesses of the program through analysis of documents and narratives of teachers' experiences. The study relies on Joan Rubin's research (1971) on language planning. According to Rubin, the process of evaluation in language planning includes (1) comprehensive search of data; (2) goal planning, strategies, and outcomes; (3) implementation; and (4) feedback. The data in this study were gathered through analysis of primary and secondary documents, interviews, survey and Focus Group Discussion (FGD). Data were analyzed through Thematic Analysis and Strength, Weakness, Opportunity, and Threat (SWOT) Analysis. Some of the suggestions in this study are the re-training and continuous training of teachers for MTB-MLE, and spreading community awareness of its importance, and strengthening local community involvement. Alignment of strategies and goals of the program to the linguistic, economic, and cultural condition of the community should also be addressed.

Keywords: Language Policy, Mother Tongue-Based Multilingual Education, Teachers' Experience in MTB-MLE

PANIMULA

Mahalagang behikulo ng pangangalap ng impormasyon ang wika. Lalong mapabibilis at magiging epektibo ang pagkatuto kung ang midyum ng pagtuturo ay wikang nauunawaan ng mga mag-aaral. Ayon nga kina Nadine Dutcher at Richard Tucker, madaling ma-develop ang kognitibong kasanayan at masteri ng nilalaman ng aralin kung ang isang indibidwal ay tinuturuan sa wikang pamilyar sa kaniya (36). Dagdag pa nila, madaling maiugnay o maidaragdag ng mag-aaral ang bagong konsepto sa mga dati na niyang alam (sa pag-aaral ni Nolasco 5).

Pantay-pantay na karapatan sa pagtatamo ng kaalaman at edukasyon na walang diskriminasyon, ito ang sinusulong ng Education for All (EFA) o Edukasyon para sa Lahat at ng UNESCO. Inilatag ng Universal Declaration of Human Rights (1948) ang mga prinsipyo sa pagsugpo ng diskriminasyon na may kinalaman sa paggamit ng wika, at isinaad pa nito na “*Everyone is entitled to all rights and freedom set forth in this Declaration, without distinction of any kind...such as language*” (UNESCO [2003] 22). Kinilala naman sa Article 5 ng 1960 Convention and Recommendation Against Discrimination in Education ang karapatan ng mga miyembro ng national minorities sa pagtataguyod sa kanilang mga gawaing pang-edukasyon, kabilang na ang paggamit at pagtuturo ng sarili nilang wika.

Isinulong ng UNESCO ang paggamit ng unang wika sa pagtuturo at ang Mother Tongue Instruction (MTI) sa early childhood education at antas primarya mula pa noong 1953 (UNESCO [2007] 159). Ang Mother Tongue (MT) o tinatawag ding unang wika ay ang unang wika na natutuhan ng mag-aaral, kaniyang pinakagamitin at pinakaalam na wika (Enhanced Basic Education Act 2013 1; UNESCO [2003] 14). Ginamit ng UNESCO noong 1999 ang katawagang “multilingual education” para tukuyin ang paggamit ng tatlo o mahigit pang wika sa pagtuturo. Ang pagtuturo gamit ang MT ay nagbibigay ng pantay na akses sa edukasyon para sa lahat lalo na sa mga multilingguwal na bansa gaya ng Pilipinas. Ang pagiging multilinguwal ng isang bansa ay hindi dapat maging balakid para sa pagtatamo ng kalidad na edukasyon at edukasyon na walang diskriminasyon. Maraming bansa ang nagtataguyod ng MT bilang midyum ng pagtuturo sa klasrum gaya ng Thailand, Cambodia, Indonesia, at marami pang iba ayon sa UNESCO (2008).

Ang Mother Tongue-Based Multilingual Education ay nakasentro sa mag-aaral o “learner-centered.” Kinakailangang nasa konteksto rin ng mag-aaral ang nilalaman ng pagtuturo. Maraming teorya sa edukasyon ang magpapatibay sa programang ito. Ilan sa mga ito ay ang Developmentalism, Constructivism, Balance Theory, at iba pa. Ayon kay Mathews, “*Learner-*

centered teacher education and discovery learning are yet other examples of of constructivist teacher education (54).” Ilan sa mga halimbawang nabanggit sa constructivist na pagkatuto ay ang authentic learning, hands on learning, at context-based learning. Kung gayon, mahalaga ang tungkulin ng MT gayundin ang kontekstuwalisadong kurikulum sa pag-uugnay ng karanasan ng mag-aaral sa mga nilalaman ng kurikulum. Sang-ayon rin ang MTB-MLE sa Teoryang Schema ni R.C Anderson na naniniwala na ang mga abstraktong ideya ay maiintindihan sa pamamagitan ng pagtatakda ng kongkreto at makabuluhang impormasyon. Nakatutulong ang kaalaman ng mag-aaral sa kaniyang kultura, wika, at kapaligiran sa pagtatamo ng panibagong kaalaman. Hindi magiging abstrakto ang mga aralin dahil naiugnay ang mga aralin sa mga bagay na bahagi ng karanasan ng mag-aaral.

Naging usapin ang paggamit ng midyum ng pagtuturo kaya maraming pag-aaral ang nagawa hinggil sa pagtingin sa wika bilang isa sa mga salik sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon. Isa sa mga pag-aaral na ginawa na may kinalaman sa paggamit ng unang wika ay ang *Iloilo Experiment in Education through the Vernacular* o *First Iloilo Experiment* noong 1948 hanggang 1954 (UNESCO [1953] 123). Ito ay nakabase sa planong dapat gamitin ang bernakular bilang midyum ng pagtuturo sa unang apat na taon ng pag-aaral. Pinatunayan naman ng pag-aaral ni Jardenil (1962) na *A survey of the use of the Vernacular as Medium of Instruction in Twelve Philippine Public Schools with Particular Reference to Iloilo*, ang pagtuturo sa bernakular ay hindi nakasasagabal sa pagkatuto ng tamang diksiyon at ng katatasan sa wikang Ingles.

Ilan pa sa mga pag-aaral tungkol sa paggamit ng bernakular o ng unang wika sa pagtuturo ay ang Rizal Experiment noong 1953 at 1954, at Lingua Franca Project noong 1999 – 2001, at ang pinakakilalang Lubuagan Experiment.

Noong 2008, ipinanukala ni Representative Magtanggol Gunigundo ang House Bill No. 3719 na nagsusulong sa mga lokal na wika na maging wikang panturo mula Grade 1 hanggang Grade 6. Inilabas ang DepEd Order No 74, series of 2009, “*Institutionalizing Mother Tongue-Based Multilingual Education*” noong July 14, 2009 para simulan ang paghahanda at pagpapalano para sa implementasyon nito. Ang Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)

ay ang paggamit ng dalawa o higit pang wika bilang midyum ng pagtuturo. Ito ay nagbibigay-halaga sa pagbibigay ng instruksiyon sa murang edad sa wikang nauunawaan ng mga mag-aaral at (pagdaragdag) ng pangalawang wika para sa mas malawak na komunikasyon.

Noong November 2012, naipasa ang House Bill No. 6643, na mas kilala bilang Enhanced Basic Education Act of 2012, sa House of Representatives. Naging komponent ng K-12 ang MTB-MLE. Naipasa naman ang Senate Bill 3286 noong January 2013 na nagsasaad ng pagpapatupad ng MTB-MLE sa bansa.

Ang Republic Act. 10553 o kilala bilang “An Act Enhancing the Philippine Basic Education System by Strengthening Its Curriculum And Increasing the Number of years for Basic Education, Appropriating Funds therefor and for other Purposes,” ay nagsasad na ang pagtuturo, kagamitang panturo, at pagtataya sa unang tatlong taon sa elementarya ay nasa rehiyonal na wika o native language ng mga mag-aaral. Nakapaloob dito ang polisiyang pagwika na may kinalaman sa paggamit ng wikang panturo.

Ayon sa Basic Education School Reform Agenda o BESRA (2006) ang bentahe ng pagtuturo sa katutubong wika sa mga unang taon ng pag-aaral ay: (a) mas may gamit at kabuluhan sa mga mag-aaral ang natututuhan sa eskuwelahan, (b) mapapanatili [sic] at mapapayaman [sic] ang kanilang kultural na identidad, (c) mas magkakaroon sila ng higit na kumpyansa [sic] sa sarili, (d) mas makakapagpahayag [sic] at maiintindihan ang leksyon [sic], (e) magsisilbi itong pundasyon sa pag-aaral ng iba pang wika, (f) mas mabisa ang paglipat ng kaalaman at magpapatuloy ang pag-unlad ng pag-iisip dahil din sa walang hadlang sa wika, (g) mas makabuluhan at masigla ang pag-aaral, (h) nakakabahagi [sic] ang mga magulang sa pag-aaral ng bata, at (i) mas sanay ang mga guro sa katutubong wika (sa pag-aaral ni Constantino).

Ang Mother Tongue Bilang Midyum ng Instruksiyon

Ipinakita ng mga pag-aaral hinggil sa paggamit ng Mother Tongue bilang Medium of Instruction (MOI) na nakatutulong sa performance ng mga mag-aaral ang paggamit ng MT o unang wika (Eslit 23; Dumatog and Dekker 6; Skutnabb-Kangas), at ang pagiging matatag ng L1 o unang wika na natatamo sa bahay ay naging batayan ng pagiging matatag din ng L2 o pangalawang

wika na natutuhan sa paaralan (Benson 3; Cummins 3; Dutcher and Tucker 36-37; Thomas and Collier 38-49; Tucker; UNESCO [2007]). Dagdag pa rito, ang paggamit ng unang wika sa klase ay nagbibigay sa mag-aaral ng kumpiyansa sa sarili, positibong pananaw, at nakatutulong sa pagkatuto ng mag-aaral (Benson 18; Eslit 23; Malone 3, 2012; Nolasco 3-4; Walter 23).

Maraming naging hamon at problema sa pagpapatupad ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa bansa: kakulangan ng pagsasanay ng mga guro (Amparo, 112; Castor 15; Monje 31), kakulangan sa kagamitang panturo (Amparo 113; Burton 111, Monje 33), paggamit ng di pamilyar at mahirap na mga salita (Espada 518), kakulangan sa mga pretesting measure at paghahanda sa implementasyon ng programa (Mondez 619), at kakulangan ng pang-unawa ng mga stakeholder sa layunin ng programa (Monje 30). Ipinakikita naman sa resulta ng pag-aaral ni Castor na ang aktuwal na implementasyon ng MTB-MLE ay malayo sa layunin ng pagpapatupad nito ng DepEd at ng UNESCO (15). Lumabas naman sa pag-aaral ni Burton na ang tatlong pangunahing hamon sa pagpapatupad ng MTB-MLE ay ang multilingguwal na kapaligiran, pagsasalin sa akademikong wika, at kakulangan sa materyal (111). Kritikal na sinuri rin ni San Juan ang pagpapatupad ng MTB-MLE na ayon sa kaniya ay problematiko dahil sa iilang wika lang ang binanggit na gagamitin bilang MT sa kabila ng pagkakaroon ng maraming wika ng Pilipinas, at kawalan ng sapat na plano ng gobyerno para sa mga dayo ng rehiyon (106-107).

Ayon sa Philippines Analytic Support Services for Early Grade Reading (PhilEd Data II) 2014, kahit karamihan sa mga paaralan ay may mga materyal sa pagtuturo sa MT, apatnapung bahagdan ng mga mag-aaral sa klasrum ang walang materyal, at kalahati sa bilang ng mga guro ay walang teacher's guide, ang mga guro ay hindi rin regular na gumagamit ng mga teknik na magpapatibay sa pagbabasa sa MT (16). Ipinakikita rin ng nasabing pag-aaral na mababa sa dalawampu't limang bahagdan ng oras ang ginugugol sa pagbabasa na isang pangunahing gawain ng mga mag-aaral sa klasrum sa Grade 1 at Grade 2 (16). Ayon pa sa PhilEd Data (2014), hindi rin tumaas ang oras na ginugugol sa pagbabasa bagama't inaasahan na lalong maglalaan ng oras sa pagbabasa ang mga mag-aaral habang sila ay nagtatamo ng kasanayan sa pagbabasa (16). Teacher-centered ang nangingibabaw

na paraan ng pagtuturo (17) na maaaring maglimita sa mga mag-aaral ng oportunidad na ma-develop ang kanilang katatasan sa wika.

Ayon kay Tupas (2018), ang kasalukuyang mga gawi sa pagpapatupad ng polisiya ay may paghahati ng polisiya sa pagpapatupad nito, MT sa antas primarya samantalang bilingguwal sa antas primarya at tersiyarya (sa pag-aaral ni Monje 7). Pinuna ni Alicias (2015) ang MTB-MLE sa dahilang ang paggamit ng MT sa pagtuturo sa Science at Math, ayon sa kaniya, ay naglalagay ng kahusayan ng mga mag-aaral sa alanganin, at sa pagtalikod sa benepisyo ng pag-aaral ng Ingles nang mas maaga (1).

Sinabi ni Dr. Ricardo Nolasco sa kaniyang aklat na *Primer on MTB-MLE* ang hindi pagiging sapat ng short exit program ng MTB-MLE at ang pagkakaroon ng hindi magandang epekto sa maagang paggamit ng pangalawang wika (10). Ganito rin ang sinasabi sa papel ng UNESCO 2016 (32). Inirerekomenda naman ng pag-aaral ni Skutnabb-Kangas ang walong taong paggamit ng MT bilang pangunahing wikang panturo at kaniyang pinuna ang pagiging mapanganib ng paggamit ng short-exit na modelo. Kahit na nakalatag na ang mga resulta ng maraming pag-aaral hinggil sa short-exit program, ito pa rin ang kasalukuyang ipinatutupad ng DepEd. Wala ring malinaw na probisyon para sa mga mag-aaral na lumipat sa ibang lugar na iba ang wika sa isang lugar na iba naman ang wika. Maraming isyu sa pagpapatupad ng MTB-MLE ang dapat pansinin para sa ikatatagumpay nito.

Ang tagumpay ng MTB-MLE ay nakasalalay sa mabuting paghahanda at pagtutulongan ng mga stakeholder (Benson 17; Malone 5; Dutcher and Tucker 36; Young 303, 307). Makatutulong nang malaki ang pagmomonitor at ebalwasyon para matugunan ang mga kakulangan at masolusyunan ang mga problema sa pagpapatupad nito. Mahalagang matugunan din ng gobyerno ang mga pangangailangan na hinihingi ng programa at agad na masolusyunan ang mga problema. Ilang mungkahi ang inilatag ni Constantino para dito:

- a. Magkaroon ng taunang ebalwasyon ang programa.
- b. Magtalaga ng magagaling na guro na tunay na katutubong tagapagsalita ng wika.
- c. Siguruhing awtentiko ang mga materyal na gagamitin at hindi lang salin ng akdang orihinal na sinulat sa ibang wika.
- d. Maglaan ng malaking pondo mula sa taunang

badyet ng pamahalaang nasyonal at lokal.

- e. Makipag-ugnayan ang DepEd sa mga NGO, pribadong kompanya, at mga organisasyon upang mapaunlad at mapaigting pa ang pagpapatupad sa programa.

Ang pagiging multilinguwal ng Pilipinas at ang pagtatakda ng isa o dalawang wika bilang midyum ng pagtuturo ay nagbibigay ng maraming isyu sa sistemang pang-edukasyon sa usapin ng pantay na akses sa mataas na kalidad ng edukasyon kaya mahalaga ang pangangalap ng datos sa paraang bottom-up na nagpapahalaga sa karanasan at naratibo ng aktuwal na tagapagpatupad nito.

Nagtataguyod ng isang polisiyang pangwika na may kinalaman sa edukasyon o pagkatuto ang MTB-MLE. Ang papel ng polisiyang pangwika sa edukasyon ay tinalakay ng maraming literatura (Haugen 267-275; Jernudd at Das Gupta 185-205; Rubin 265-230). Ang mga hamon at problema na may kinalaman sa paggamit ng bernakular o pangalawang wika sa pagtuturo ay kadalasang niresolba sa pamamagitan ng mga ideyal na pamamaraan (Jernudd and Das Gupta 192). Ang ganitong pamamaraan ay nagresulta sa hindi organisado at aktuwal na pagtugon sa mga suliranin upang mabago ang polisiya at maimpluwensiyahan ang sistema kaya mahalaga ang papel ng pangunahing tagapangasiwa ng polisiyang pangwika—ang mga guro, sa patuloy na pag-alam ng mga kondisyon na nakaaapekto sa polisiya at patuloy na ebalwasyon sa pamamagitan ng pag-alam ng kanilang karanasan.

Narapat lamang ang patuloy na ebalwasyon sa mga programang may kinalaman sa paggamit ng wika sa sistemang pang-edukasyon upang mapabuti ang implementasyon nito at makita ang mga hamon sa pagpapatupad nito upang makahanap ng mas mabisang paraan ng pagpapatupad nito. Ang mga programang kagaya ng MTB-MLE ay kapapalooban ng polisiyang pangwika na malaking salik sa tagumpay ng mag-aaral at ng sistemang pang-edukasyon sa kabuoan. Ayon kay Spolsky, mayroong direktang pagsisikap sa pagmanipula ng sitwasyong pangwika sa pamamagitan ng pagsasagawa ng interbensiyon (8). Ang pagsusuri sa isinasagawang interbensiyon o pagsisikap sa pagmamaniupula ng sitwasyong pangwika ay maglalantad ng mga salik na makatutulong o makasasagabal sa matagumpay na implementasyon ng polisiya sa dahilang maiisa-isa rin ang mga dahilan o salik ng isinagawang interbensiyon.

May tatlong komponent ang polisiyang pangwika na maaring iebalweyt: *language system*, *social system*, at *planning system* ayon kay Dua (sa pag-aaral ni Ausiko 14). Ang social system ay may kinalaman sa mga isyu na maaring lumitaw mula sa politika at sosyo-ekonomikong daynamiks. Ang politika ay nakaiimpluwensiya sa mga patakarang pangwika sa edukasyon gaya na lamang na maaaring impluwensiyahan ng mga politiko ang pagtatalaga ng mas mataas na pondo sa pamamagitan ng pambansang budget. Nangangahulugan lamang ito na ang mga paaralan ay maaaring makabili ng mga aklat, at iba pang kagamitang panturo na kinakailangan sa pagkatuto ng wika kung sila ay binigyan ng sapat na pondo, kabilang na ang training para sa mga guro. Ang taas ng kita ng mga magulang at ang edukasyon ay nakaiimpluwensiya rin sa *learning environment* o kaligiran sa pagkatuto ng mag-aaral sa bahay. Sa gayon, ang ebalwasyon sa social sytem ay makapagbibigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa kalikasan at antas ng kaalaman, kagamitan, estratehiya, at pagpapalano na may kaugnayan sa mga pangangailangan (Ausiko 14).

Ayon kay Spolsky, ang pangangasiwang pangwika ay tumutukoy sa pormulasyon at proklamasyon ng malinaw na plano o polisiya pero hindi kinakailangang nakasulat na dokumento hinggil sa paggamit ng wika (11). Ang pangunahing tagapangasiwa ng sitwasyong pangwika sa paaralan ay ang mga guro na may direktang kontrol sa wikang ginagamit sa klasrum kaya mahalaga ang kanilang pagsasanay ganoon din ang pag-alam ng kanilang karanasan sa isang polisiyang pangwika upang matugunan ang mga pangangailangan, makita ang gap, masolusyunan ang problema, at makita ang kalakasan at kahinaan ng pagpapatupad nito.

Ang pagsasanay o training ng mga guro ang mahalagang aspekto para mapamahalaan ang polisiyang pangwika at maipatupad ang mga layunin ng programang MTB-MLE dahil sila ang direktang nakikisalamuha sa mga mag-aaral na siyang tagatanggap ng programang pangwika sa paaralan. Tinalakay ni Malone sa kaniyang papel na “*Teacher Education for Mother Tongue-Based Education Programs*” ang mga tiyak na pangangailangan ng pagsasanay sa mga guro sa MTB-MLE (3-13).

Ayon kay Rubin (1971), ang proseso ng ebalwasyon sa pagpaplanong pangwika ay ang (a) malawakang paghahanap ng datos; (b) pagpapalano ng layunin, estratehiya, at outcomes; (c) implementasyon; at (d)

feedback (209-217). Sinabi rin ni Rubin na mahalagang tingnan ang ebalwasyon bilang isang proseso na ibinibigay ang impormasyon upang matiyak kung anong mga uri ng desisyon ang pinakamahusay ukol sa ilang nakikitang mga alternatibo (209). Ang pagpaplanong pangwika ay nakatuon sa pagtiyak ng mga layunin, ng piniling pamamaraan, at ng inaasahang resulta. Mahalaga na may mga impormasyon itong magagamit sa pagpili ng mga alternatibo para sa pagpapalano. Ang ebalwasyon ay makatutulong sa paggawa ng mga desisyon at mga pagpapahalagang magagamit sa pagpili sa pinakaangkop na alternatibo. Sa gayon, sinuri ang paghahanda at pagpapatupad ng MTB-MLE ayon sa nagawang oryentasyon/workshop/seminar/pagsasanay para sa mga guro, diseminasyon ng polisiya, at kagamitang panturo bilang bahagi ng feedback sa ebalwasyon ng implementasyon nito sa pamamagitan ng pagsusuri rin sa pangangailangan ng polisiya (na binanggit sa social sytem ni Dua) para malutas ang mga problema. Ang pag-aaral na ito ay dumadalumat sa karanasan ng mga guro na pangunahing tagpagpatupad ng polisiya at maisa-isa ang mga hamon sa pagpapatupad ng MTB-MLE at maaaring mag-impluwensiya dito sa pamamagitan ng pagkuha ng aktuwal na karanasan ng mga guro at ng kanilang feedback o puna ukol dito. Mahalagang maipakita ang kalakasan, kahinaan, at banta sa pagpapatupad ng MTB-MLE upang mabigyan ng pansin ang kahingian ng programa para sa ikatatagumpay nito. Hindi lamang titingnan ng pag-aaral na ito ang mga gap o kakulangan, bagkus, titingnan din ang kalakasan ng programa at mga oportunidad na maaaring magpalakas pa nito.

Metodolohiya

Nagsagawa pilot testing ng questionnaire para masubok ang kalinawan ng mga tanong at para inisyal na makakalap ng mga impormasyon tungkol sa paghahanda at pagpapatupad ng MTB-MLE. Ginawa ang pangangalap ng datos noong Disyembre 2015 hanggang April 2016. Kalahok sa inisyal na pangangalap ng datos ang sampung (10) guro sa Grade I, sampung (10) guro sa Grade 2, at siyam (9) na guro sa Grade 3 ng isang pampublikong paaralan. Nakipanayam din ang mananaliksik sa mga guro ng paaralan.

Antas	Bilang ng Guro
Grade 1	24
Grade 2	24
Grade 3	23
Kabuoan	71

Fig. 1. Bilang ng mga Kalahok

Ang mga inisyal na nakalap na datos ang ginamit sa pagsasaayos ng questionnaire na naglalaman ng mga tanong ukol sa paghahanda at pagpapatupad ng MTB-MLE at pagpaparanggo sa mga hamon sa implementasyon ng MTB-MLE mula sa mga nakalap na datos. Ito ay pinasagutan sa 71 guro na nagtuturo sa Grade 1 hanggang Grade 3 mula sa 11 pampublikong paaralan. Nagsagawa rin ng Focus Group Discussion sa mga guro at panayam sa mga taong may direktang kaalaman sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa Iloilo City. Ang mga datos na nakuha ay ginawan ng Thematic Analysis at SWOT Analysis. Ayon kay Ifediora, ang Strength o Kalakasan ay tumutukoy sa katangian ng tagapagpapatupad ng programa o polisiya na itinuturing na mahalaga sa pagtatagumpay ng programa o polisiya ; ang Weakness o Kahinaan ay tumutukoy sa mga internal na salik na maaaring makasagabal sa pagtagumpay ng programa ; ang Opportunities o Oportunidad ay tumutukoy sa mga elemento na makatutulong sa tagumpay ng programa; at ang Threats o Banta o Hamon ay tumutukoy sa mga kondisyon o hindi nakokontrol na bagay na maaaring magresulta sa kabiguan ng programa (sa pag-aaral ni Hashemi 141-142).

Ang Paghahanda at Pagpapatupad ng MTB MLE sa Iloilo City

I. Paglulugar ng MTB-MLE sa Iloilo City

Isinagawa noong 2003-2005 ang Lingua Franca Project sa Ticud Elementary School (La Paz, Iloilo City) kung saan ang Hiligaynon ay ginamit bilang MOI. Ayon sa pakikipanayam kay Dymphna Liezel Jocson na dating prinsipal ng paaralan, hindi naging maganda ang puna sa programa dahil sa kakulangan ng training ng mga guro sa pagtuturo gamit ang

Hiligaynon bilang MOI, ang mga materyal ay salin lamang ng mga Ingles na aklat, at ang mga learning guide ay nakasulat naman sa Ingles.

Taong 2011, sa inisyatibo ng bawat rehiyon, nagkaroon ng mga pilot school na nagpatupad ng MTB-MLE isang taon bago ipinatupad ang MTB-MLE sa K-12 Basic Education System noong 2012. Ang Ticud Elementary School ay naging pilot school sa Iloilo City. Ito ang inobserbahan sa pagpapagamit ng Hiligaynon bilang midyum ng pagtuturo. Ang mga guro sa mga pilot school na ito ay sumailalim sa 10 araw na training, at iba pang training sa paggawa ng mga materyal.

Nagkaroon ng National Training bilang paghahanda sa pagpapatupad ng MTB-MLE noong 2010, at nagsagawa ng Strategic Plan para sa pagpapatupad ng programa. May anim na kinatawan mula sa bawat rehiyon para dumalo ng pagsasanay sa loob ng 10 araw at ang training na ito ay mayroong apat na phase kaya sa kabuuan, nagkaroon ng 40 araw na training (Jocson, 2020). May anim na erya na binigyang-pokus ang Strategic Plan ng MTB-MLE: ang *social preparation and advocacy, in-service training (INSET) of teachers and managers, materials development, pre-service teacher education, policy development and resource mobilization, at assessment, monitoring, and evaluation*. Nagpadala rin ang bansa ng mga iskolar sa Thailand para mag-aral at sumailalim sa pagsasanay tungkol sa MTB-MLE (Jocson, 2016).

Noong Pebrero 17, 2012 inilabas ang DepEd Order No. 16, s. 2012 “Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE).” Ito ay nagbabalangkas ng layunin at erya ng pokus ng pagpapatupad ng MTB-MLE. Sa utos din na ito, muling binigyang-pansin ang pagsasanay sa mga guro at paghahanda ng kagamitang panturo.

Noong May 9, 2012, inilabas ng DepEd-Division of Iloilo City ang Division Memorandum 28, s. 2012 “Training of Kindergarten Teachers on Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE).” Sa taon ding ito nagkaroon ng training ang mga guro sa Grade I sa inilabas na Division Memorandum 33 “Mass Training of Grade I Teachers and Learning Materials Development in the Implementation of the K to 12 Basic Education Curriculum.” Bahagi lamang ng nilalaman ng training na ito ang pagtalakay sa MTB-MLE at ang Hiligaynon bilang isang subjek. Sa parehong taon (2012), nagsimula ang implementasyon ng MTB-MLE sa kindergarten at elementary. Magkasabay na

nagkaroon ng training ang mga guro sa kindergarten at grade 1 sa taong ito. Nangangahulugan lamang na ang mga mag-aaral na pumasok na grade 1 sa taong 2012 ay hindi napasailalim sa MTB-MLE noong 2011 bilang paghahanda sa kanila nang sumunod na taon, at kung may nagpatupad man noong 2011, sila ay hindi sumailalim sa malawakang pagsasanay.

Nagkaroon ng malawakang pagsasanay para sa mga guro sa grade 2 noong 2013. Inilahad naman sa Division Memoranda 27, s. 2013, “Two-Day Enhancement Training for K to 12 Basic Education Program” ang pagkakaroon ng dagdag na training ng mga guro sa grade 2. Noong 2014 nagkaroon naman ng “Mass Training of Grade 3 Teachers on the Implementation of the K-12 Basic Education Program” na inilahad sa Division Memorandum no 16, s. 2014.

Nagkaroon ng “2015 Multi-literacy Seminar for Grade 1 Teachers” sa Division Memorandum 25, s. 2015 para madagdagan pa ang mga kaalaman ng guro sa multi-literacy, pag-unawa at kakayahan sa pagtuturo sa grade 1, at pagtaas ng kamalayan tungkol sa Education for All na naglalayong puksain ang dropouts at pag-uulit sa grade 1 hanggang grade 3. Nagpapakita lamang ito na unti-unti nang tinutugunan ng DepEd-Division of Iloilo City ang kakulangan at problema sa pagpapatupad ng MTB-MLE sa Iloilo City. Bumuo ng Technical Assistance Team para magmonitor at mag-evalweyt ng pagpapatupad ng MTB-MLE sa siyudad ng Iloilo City noong 2015.

Sa Department Memorandum 29, s. 2016, “Division Learning Action Cell Activities 2105: Gender and Development/Health and Wellness/K to 12 Updates” naman, isinagawa ng DepEd-Division of Iloilo City ang layuning maipaalam ang mga pagbabago sa implementasyon ng K to 12.

Ang mga malawakang pagsasanay para sa MTB-MLE ay bahagi ng nasyonal na direktiba para bigyan ng training ang mga guro samantalang ang mga training naman mula sa DepEd-Division of Iloilo sa Division Learning Action Cell ay nagmumula sa pahintulot ng Superintendent mula sa mga panukalang isinusumite sa DepEd-Division of Iloilo City. Bukod sa mga oryentasyon/ workshop/seminar/pagsasanay na ibinibigay ng DepEd-Division of Iloilo City, ang prinsipal ng bawat paaralan ay may kalayaan na magpatupad ng dagdag na seminar/workshop/training sa mga guro na kaniyang nasasakupan sa pamamagitan ng School-Based Learning Action Cell (SLAC). Nasa pamamahala na niya ang pagkakaroon ng dagdag na

mga gawain para matugunan ang pangangailangan ng mga guro.

Noong 2013, matapos ang isang taong pagpapatupad ng MTB-MLE sa bansa, isinagawa ng United States Agency for International Development (USAID) katuwang ang Research Triangular Institute-International (RTI-International), TNS Global, Southeast Asian Minister of Education, Organization, Innovation and Technology (SEAMEO INNOTECH), at ng Department of Education, ang Early Grade Reading Assessment (EGRA) sa apat na rehiyon: Rehiyon I (Ilokano); Rehiyon VI (Hiligaynon); Rehiyon VII (Cebuano); ARMM (Maguindanaon). Ang layunin ng pagsasagawa ng EGRA noong Enero at Pebrero 2013 ay magkaroon ng national baseline sa pagbabasa sa Filipino at Ingles ng mga mag-aaral sa Grade 3 (PhilEd Data 2013:11-12).

Nang sumunod na taon, Enero at Pebrero 2014, ang EGRA ay isinagawa ulit sa apat na rehiyon para sukatin ang katatasan sa pagbasa o *reading proficiency* ng mga mag-aaral sa Mother Tongue. Apat na daang mag-aaral sa grade 1 at 400 mag-aaral sa grade 2 ang kasangkot sa pag-aaral. Ayon sa datos na nakuha sa obserbasyon sa klase, ang mga guro at mag-aaral ay gumagamit ng Mother Tongue sa pagbabasa ng mga aralin sa Mother Tongue bilang subjek at gumagamit naman nito bilang midyum ng instruksiyon sa iba pang asignatura. Gayunman, hindi lahat ng mga kinakailangang suporta ay naibibigay para sa mga guro upang sila ay makapagbigay ng pinaka-epektibong pagtuturo na maaari sa MT.

Kapuna-puna ang naging resulta ng Philippines Analytic Support Services for Early Grade Reading (PhilEd Data II) 2014 sa isinagawang EGRA: ang kakulangan ng kagamitan at ang pagiging teacher-centered ng klasrum. Nasasalamain sa resulta ng EGRA ang mga naging suliranin sa una at ikalawang taon ng pagpapatupad ng MTB-MLE. At sa muli, sa pag-aaral na ito muling lumabas ang ilang nabanggit na mga suliranin sa EGRA na isinalamin ng mga guro na siyang pangunahing tagapagpalakad ng programa.

II. Pag-uugnay ng mga Datos

A. Paghahanda sa mga Guro

Lumabas sa pag-aaral ang sumusunod na mga dahilan kung bakit hindi naging sapat ang training para sa MTB-MLE (Amparo 3):

- pangkalahatan ang seminar (hindi nakapokus sa MTB-MLE)
- napakaikli ng panahon na inilaan para dito/madalian ang training
- kulang pa rin ang mga naibigay na mga halimbawa sa mga gawain o activities
- hindi masyadong naintindihan ang mga nilalaman sa guide
- hindi masyadong naipaliwanag nang mabuti ang MTB-MLE
- walang follow-up training

May mga guro na nagtuturo ng Hiligaynon bilang subjek at gumagamit nito bilang midyum ng instruksiyon na hindi nakadalo sa oryentasyon/seminar/training tungkol sa MTB-MLE. Sa 71 guro, 12 ang may sumagot na ang training/workshop na ibinigay sa kanila ay sapat dahil sa sumusunod na dahilan:

- may natutuhan silang bago
- maraming natutuhan at nahasa ang kakayahan sa pagtuturo ng MTB-MLE
- nalaman ang kahalagahan ng MTB-MLE




Fig. 2. Datos ng Survey Hinggil sa Pagiging Sapat ng mga Ibinigay na Training/Seminar/Workshop Hinggil Sa MTBMLE

Malaking bahagdan ng populasyon ng mga guro ang hindi sumang-ayon sa pagiging sapat ng mga training na ibinigay sa kanila, nangangahulugan lamang ito na maraming naging problema sa paghahanda ng programa. Kung susuriin ang daloy ng mga training na ibinigay sa kanila, ang mga oryentasyon/workshop/seminar/pagsasanay ay ibinigay lamang sa kanila sa panahong malapit nang magsimula ang klase o nagsisimula na ang klase o isang buwan bago magsimula ang pasukan. Dagdag pa, walang naibigay na espisipiko sa pagtuturo ng Mother Tongue o

paggamit nito bilang wikang panturo. Ganito rin ang lumabas sa pag-aaral ni Monje (31). Hindi naging sapat ang panahon na iproseso ang lahat ng impormasyon sa mga dinaluhang oryentasyon/workshop/seminar/pagsasanay lalo pa at malaking oras pa ang ginugugol nila sa paghahanda ng mga aralin dahil sa kakulangan ng kagamitang panturo. Kung titingnan, bago pa ang programang ito kaya kailangan nilang umagapay sa mga pagbabagong ito. Kailangan nilang matutuhan ang anumang pagbabago sa kurikulum dahil sila ang naglalapat nito sa klasrum.

Ang training ay isinagawa sa pamamagitan ng *cascade training* at *echo talk*. Para mapabilis ang malawakang training, ang mga pamamaraang ito ang ginagamit para masanay ang mga guro at mailipat ang impormasyon. Sa proseso ng cascade training, may mga ipinadalang anim na kinatawan ang bawat rehiyon sa national training na nagsimula noong 2010. At ang mga kinatawan na ito ay nagsagawa rin ng mga pagsasanay at pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa MTB-MLE sa mga guro sa kani-kanilang rehiyon. Isa sa mga kabutihan ng paggamit ng ganitong modelo sa pagsasanay ay pagtitipid sa oras, pondo, at pagsasanay sa mga mismong miyembro o guro ng institusyon. Ang mga di magandang epekto naman nito ay ang posibilidad ng pagkawala ng impormasyon sa pagsasalin nito mula nasyonal patungo sa rehiyonal, at mula rehiyonal patungo sa mababa pang antas hanggang umabot sa mga guro sa klasrum na siyang target ng mga training. Sinabi nga ni David Hayes (2000) na mayroong nawawalang kaalaman sa proseso ng pagsasanay habang pababa nang pababa ang lebel ng training (137). Di rin maikakailang ang ilang guro ay may kani-kanilang ideolohiya sa paggamit ng wikang Ingles at Mother Tongue sa pagtuturo (Burton 116). Ito ay nakaapekto sa pagproseso ng impormasyon.

Para maging epektibo at matagumpay ang isang polisiyang pangwika, MTB-MLE o paggamit ng unang wika bilang wikang panturo, kinakailangan ng mga pagsasanay sa guro at masteri sa wikang gagamitin (Constantino; Dutcher and Tucker 36; Malone; Nolasco 12; Rubin, 226; Skutnabb-Kangas; Young 303). Batay sa isinasaad ng mga nakalap na dokumento, naging madalian ang training dahil ang ilang training noong 2012 ay naibigay lamang sa mga guro nang nagsisimula na ang klase o sa mismong taon ng implementasyon ng MTB-MLE. Batay sa panayam at Focus Group Discussion, nangangapa pa ang mga guro sa mga materyal na kanilang gagamitin dahil marami

sa mga kagamitang panturo ay sa kalagitnaan na ng taon ng implementasyon dumating. Ang pagsasagawa ng sariling aklat ay naging isang malaking hamon sa kanila dahil bago sa kanila ang mga programa at nag-aalinlangan pa sa kanilang kakayahan.

Lumabas sa pag-aaral ni MăTă^a (2013) na sa pananaw ng mga guro ng wika, ang pinakaimportanteng pedagogikal na kakayahan ng guro sa usapin ng kahalagahan ng pagkakaroon ng kakayahan sa pagtatag ng *finalities of education* ay ang pagbuo ng mga kongkretong layunin sa mga aralin sa wika at panitikan na itinuturo sa Mother Tongue; paggamit ng tiyak na pamamaraan sa pagtuturo at pag-aaral ng Mother Tongue sa usapin ng kahalagahan ng pagiging kompetent sa paggamit ng tiyak na estratehiya sa pagtuturo; pinakamahalagang kakayahan ang kakayahan sa pagdidisenyo ng plano para sa iba't ibang aralin sa unang wika; at pinakamahalagang pedagogikal na komponent ang paggamit ng tiyak na pamamaraan sa pagtataya ng kaalaman sa pagsukat ng kakayahan ng mag-aaral sa unang wika (349). Kung susuriin ang datos, mapupuna na ang mga ganitong pangangailangan ay hindi nabigyang-tuon o natugunan dahil madalian ang isinagawang pagsasanay sa mga guro para sa MTB-MLE batay sa panahong itinalaga sa pagsasanay bago ang implementasyon ng MTB-MLE.

Ayon din sa datos, ang pagtalakay sa MTB-MLE ay naging bahagi lamang ng pagtalakay sa K to 12 na kurikulum, at naging pangkalahatan ang paksa (Amparo 112). Ayon sa mga kalahok, ang mga paksang biniyang-pokus sa mga isinagawang oryentasyon/workshop/seminar/pagsasanay ay ang sumusunod:

- a. Mga estratehiya sa pagtuturo sa K to 12
- b. Hiligaynon bilang subjek
- c. Implementasyon ng K to 12 sa bansa
- d. Ang kurikulum ng K to 12 at mga karagdagang asignatura
- e. Pagbabago sa kurikulum
- f. Mother Tongue bilang subjek
- g. Paggamit ng mga bagong *learning material*

Kung titingnan, nakatuon sa implementasyon ng K to 12 ang mga paksa sa mga dinaluhang oryentasyon/workshop/seminar/pagsasanay ng mga guro. Ang ilang pagtalakay sa MTB-MLE ay nakapaloob sa In-service Training o INSET ng mga guro ngunit hindi ito eksklusibong paksa, ito ay isa lamang sa mga paksang tinatalakay sa INSET. Sa pamamagitan din

ng School-Based Learning Action Cell (SLAC) ay maaaring punan din ang kailangang training ng mga guro para sa MTB-MLE. Ayon sa mga panayam, ang training para MTB-MLE ay hindi rin napagtuunan ng pansin para dito.

Isang salik sa pagtataguyod ng programa ang pagkakaroon ng pag-unawa sa layunin ng programa para sa sama-samang pagkilos patungo sa iisang adhikain. Maeebalweyt din ng mga guro ang programa at pati ang kanilang sariling kakayahan sa mga pangangailangan na hinihingi sa kanila ng programa. Ang pagkakaroon ng magkatulad na hangarin ay magbubunga ng sabay na paghahanap ng solusyon at pagbuo ng desisyon para maging matagumpay ang programa at makamit ang inaasahang layunin.

Dahil sa maraming problemang kinakaharap ng mga guro sa pagpapatupad ng MTB-MLE, may mga hakbang o paraan na ginagawa ng mga guro sa pagharap ng mga hamon o problema sa MTB-MLE:

A. Pag-aaral at pagkukusa na matuto

1. Pag-aaral at pag-intindi sa mga learning guide o learning material bago ito ituro sa mga mag-aaral;
2. Paglalaan ng sapat na oras sa pag-aaral ng mga aklat, modyul, at manwal na ginagamit sa pagtuturo, at maging sa pagsasanay sa pagtuturo nito;
3. Pagsasaliksik ng malalalim na mga salitang Hiligaynon o mga terminolohiyang hindi naiintindihan at paghahanap ng mga panumbas na salita para dito para lubusang maipaunawa o maipaintindi sa mga mag-aaral.

B. Pagkakaroon ng positibong atityud

1. Pagkakaroon ng bukas na pag-iisip at positibong pananaw sa mga pagbabagong ipinatutupad;
2. Pagkakaroon ng positibong atityud sa mga training na ibinibigay; at
3. Pagiging malikhain at maparaan.

C. Kolaborasyon o Paghingi ng tulong sa Iba

1. Pagkakaroon ng kolaborasyon sa kapuwa guro para makipagpalitan ng ideya; at

2. Pagkonsulta sa matatanda at eksperto sa wikang Hiligaynon.

D. Paghahanda ng angkop na mga estratehiya at paggawa ng sariling materyal

1. Paghahanda ng maraming gawain para sa mga mag-aaral;
2. Paggawa ng sariling instructional materials (IM's) at visual aids, at paggamit ng lokal na mga kagamitan;
3. Paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na angkop sa mga aralin;
4. Paggamit ng mga totoong bagay at pagpapakita ng mga larawan para maipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahulugan ng mga salitang may malalim na kahulugan;
5. Ang mga kuwento at ang pagbabasa ay ibatay lokal na komunidad at sa interes ng mga bata; at
6. Pagpapalit ng mga simpleng salita sa mga salitang mahirap intindihin ng mga mag-aaral.

E. Pagpapaliwanag sa mga magulang ng nilalaman ng MTB-MLE

Pagkakaroon ng meeting/oryentasyon/pagtitipon ng mga guro, administrador, at ng mga magulang para sa:

- a. Pagpapaliwanag sa mga magulang kung ano ang mga itinuturo sa subjek na Mother Tongue;
- b. Pagpapaliwanag sa mga magulang ng kahalagahan ng MTB-MLE sa pag-aaral.

Ipinakikita nito ang interbensiyon na ginawa ng mga guro para matugunan ang kahingian ng programa sa kabila ng suliranin gaya ng kakulangan sa kagamitang panturo at iba pa. Lantad na natutugunan ang mga hamon gamit ang Teacher Agency sa gitna ng kritikal na pangangailangan at pagpapatupad ng MTB-MLE.

B. Adbokasiya sa MTB-MLE

Mahirap ipatanggap sa mga stakeholder ang isang programa na hindi nila nauunawaan ang nilalaman lalo na ang mga layunin sa pagpapatupad nito. Mahalagang maunawaan ng mga stakeholder ang programa. Malaki ang impluwensiya ng mga magulang sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ang pakikisangkot

ng mga magulang sa programa ay isa sa mga salik na binanggit ni Susane Malone (2010) sa matagumpay na programang MTB-MLE (5).

Isang katotohanan na may pagkiling sa sosyo-ekonomikong salik na nakakabit sa wikang gagamitin sa pagtuturo kaya mas nanaisin ng maraming magulang na wikang Ingles ang ipagamit sa mag-aaral. Hayagan ang pagtutol nila sa paggamit ng Hiligaynon bilang wikang panturo kaya narapat lamang na maunawaan nila ang layunin ng MTB-MLE.

Isa sa mga hamon na hinaharap sa pagpapatupad ng MTB-MLE ay ang pagtutol ng mga magulang na naniniwala na ang pag-aaral ng Mother Tongue at paggamit nito bilang wikang panturo ay hindi nakatutulong sa edukasyon ng kanilang anak, at nakasagabal sa pagkatuto nila ng Ingles. Ipinakikita sa survey na isa sa mga naging solusyon nila sa mga hamon sa pagpapatupad ng MTB-MLE ay:

Pagkakaroon ng meeting/oryentasyon/pagtitipon ng mga guro, administrador, at ng mga magulang para sa:

- a. Pagpapaliwanag sa mga magulang kung ano ang mga itinuturo sa subjek na Mother Tongue
- b. Pagpapaliwanag sa mga magulang ng kahalagahan ng MTB-MLE sa pag-aaral

Ayon sa nakuhang datos, isinasagawa ang oryentasyon sa mga magulang tungkol sa pagbabago sa kurikulum lalo na ang tungkol sa MTB-MLE tuwing pasukan sa *parents' orientation* o sa *general parents and teachers meeting* dahil may obligasyon ang mga guro at namamahala sa paaralan na maipaliwanag ito sa kanila. Hinihikayat din sila na makipagtulungan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Hanggang dito lamang ang pakikipag-ugnayan sa mga magulang tungkol sa programa, walang konsultasyon na nagaganap at hindi rin sila naging bahagi ng mga desisyon ukol sa MTB-MLE. Kung susuriin, kakaunting impormasyon lang ang maibabahagi tungkol sa MTB-MLE sa mga magulang sa minsanan o maikling miting.

Kailangang mayroon ding pagkukusa sa komunidad sa paggawa ng mga pantulong na kagamitang panturo at magagawa lamang ito kapag mapalakas ang gawain sa adbokasiya para mas maipabatid sa lokal na komunidad na bahagi sila ng MTB-MLE para ang pag-angkin ng responsabilidad bilang tagapagtaguyod ng Mother Tongue ay madaling mapanindigan.

Ang lokal na pamahalaan ay hindi kasangkot sa anumang pagpapalano o paghahanda sa programa.

Kailangan ng kolaborasyon ng mga magulang, lokal na komunidad at guro sa pagpapatupad ng MTB-MLE (Burton 115; Gallego 411; Skutnabb-Kangas; Ball 59) at kailangan ng pang-unawa ng mga magulang at mga guro kung bakit ipinatutupad ang MTB-MLE (Burton 116; Skutnabb-Kangas; Ball 48-49; Young 307).

Ang mga magulang ay kailangang magabayan sa pamamagitan ng edukasyon tungkol sa MTB-MLE, pagtiyak sa kanila na sa kabila ng ilang paunang mga pagkaantala sa pagkatuto ng lingua franca, ang kanilang mga anak ay mas magtatagumpay sa pagtatamo ng unang wika kung sila ay bibigyan ng pagkakataong maturuan sa ilalim ng *mother tongue-based bi/multilingual pre-primary and primary education* (Ball 49). Ang atityud ng mga magulang ay nakaaapekto nang malaki sa ikatatagumpay ng MTB-MLE, partikular na sa pagkatuto ng bata dahil sila ang nakakausap ng mga mag-aaral sa araw-araw bukod sa mga guro.

Iminumungkahi ng maraming tagapagsaliksik sa MTB-MLE na dapat ding malaman ng mga magulang ang kanilang papel sa MTB-MLE anupa't napakahalaga ang edukasyon ng mga magulang at adbokasiya para sa kamalayang pangkomunidad.

Sa kabuuan, lumalabas sa pag-aaral na may kakulangan sa ibinigay na oryentasyon/seminar/*workshop*/pagsasanay para sa mga guro, hindi naging handa ang mga kagamitang panturo, at hindi matatag ang diseminasyon ng polisiya. Hindi pa rin malinaw ang konsepto ng kontekstuwalisasyon dahil sa kakulangan ng training para dito.

Hangga't maaga pa, kailangang bigyan ng solusyon ang mga problemang ito para hindi na lumala at tuluyang makaapekto sa buong sistema ng edukasyon hindi lang ng bansa, kundi lalo na sa mga mag-aaral na siyang dumaan sa kurikulum na ito.

C. Kagamitang Panturo

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang nangungunang problema ng mga guro sa pagpapatupad ng MTB-MLE ay ang kakulangan ng kagamitan sa paguturo gaya ng teacher's manual, learner's manual, at mga aklat:

Mga Hamon at Problema sa Pagpapatupad ng MTB-MLE

1. Kakulangan sa materyal gaya ng aklat, manwal, modyul, at iba pa

2. Malalalim na terminolohiya o salita sa aklat
3. Kakulangan sa mga training ng mga guro
4. Hindi organisado ang nilalaman ng aklat
5. Nagiging mahaba ang salita at pagpapaliwanag
6. Kakulangan sa paghahanda ng mga guro sa pagtuturo ng Hiligaynon bilang subjek
7. Pangkalahatan ang paksa sa mga seminar/tranining
8. Kakulangan ng mga training ng mga trainor
9. Problema sa pagbabaybay o ispelng

Isa sa mga suliranin ang pagbabaybay o ispelng sa Hiligaynon. Bagama't may gabay na sinusunod sa paybabaybay sa Hiligaynon, nagkakaroon pa rin ng pagkakalito ang mga guro dahil ngayon lang napagtuunan ng pansin sa paaralan ang pasulat na anyo ng Hiligaynon. Nagkakaroon pa rin ng kalituhan sa dapat na gamiting ispelng ng mga salita kahit na sa panahong ipinatupad ang MTB-MLE ay mayroong sinusunod na gabay sa ispelng o pagbabaybay.

Ang training ay nagsimula taong 2012 para sa mga guro, at sa taon ding iyon paunti-unting ibinibigay ang hindi kumpletong materyal sa kanila. Ang resulta, kailangang gumawa ng sariling pantulong na mga kagamitang panturo kahit hindi naging sapat ang kanilang training sa MTB-MLE. Lumalabas sa pag-aaral na malaki ang kakulangan ng mga kagamitang panturo lalo na ng mga supplementary material.

Iisang polisiya para sa MTB-MLE ang sinusunod ng DepEd. Nagaganap ang pagbabago sa pag-aangkop ng nilalaman ng kurikulum sa lokal na sitwasyon o setting. Nagaganap ang lokalisasyon sa klasrum.

Ayon nga sa RA. 10533:

"The curriculum shall be flexible enough to enable and allow schools to LOCALIZE, INDIGENIZE, and enhance [the curriculum] based on their respective educational and social contexts."

Ang kontekstuwalisasyon ang pinakamahalagang gawain sa programang MTB-MLE dahil ito ang mag-aangkop ng mga nilalaman ng itinuturo sa lokal na komunidad. Bilang isang digri ng kontekstuwalisasyon, ang lokalisasyon ay binigyang-kahulugan bilang *"Pag-uugnay ng mga tiniyak na nilalaman na mga aralin ng kurikulum sa lokal na mga impormasyon at mga materyal mula sa komunidad ng mag-aaral (DepEd)."*

Dapat bigyang-pansin ang lokal na kultura sa mga

nilalaman ng talakayan para mapahalagahan ito. Isa ito sa mga layunin ng pagpapatupad ng MTB-MLE. Mahalagang konsepto ng MTB-MLE ang lokalisasyon, isang konsepto ng pag-uugnay ng mga aralin sa lokal na kultura ng mag-aaral kaya importanteng masanay, maunawaan, at maitaguyod din ito ng mga guro.

Sang-ayon sa sinabi ni McCullough, dapat may tiyak na kabatiran din ang mga guro kung paano gamitin ang mga learning guide o learner's manual (119) at karamihan sa mga salita na ginagamit ay dapat pamilyar sa mga mag-aaral o ginagamit nila sa aktuwal na pakikipag-usap (6).

Batay sa datos, ang pangatlo sa mga hamon na hinaharap ng mga guro sa pagpapalano at pagpapatupad ng MTB-MLE ay ang malalalim na terminolohiya o salita sa aklat ay naglalantad din sa problema sa kontekstuwalisasyon, at ng kakulangan ng sanggunian ng mga guro gaya ng diksiyunaryo. Hindi na dapat gamitin ang mga salitang nakasasagabal sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin dahil makahahadlang ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Lantad sa survey at pakikipanayam ang kakulangan sa pag-unawa ng konsepto ng kontekstuwalisasyon, at ang suliranin ito ay patuloy na iiral kapag hindi nabibigyan ng solusyon. Ang pagkakaunawa ng guro sa programa, tama man o mali, ay nailalapat sa mga mag-aaral na siyang magiging tagasalo ng pamamalakat at pagpapalano ng programa.

Ang nilalaman ng bawat aralin ay dapat itugma o iakma sa lokal na kaalaman at pangyayari para ang pag-aaral ay maging makabuluhan at makahulugan sa mga mag-aaral.

D.Kalakasan, Kahinaan, Oportunidad at Banta sa Pagpapatupad ng MTB-MLE

Salik sa matagumpay na implementasyon ng polisiyang pangwika ang pagtingin at pagsasaalang-alang ng kultural, lingguwistiko, ekonomiko, at politikal na kalagayan ng komunidad para maiakma ang mga estratehiyang gagawin sa pagtamo ng layunin ng programa. Isa sa mga kakulangan ng implementasyon ay ang pagsasaalang-alang ng mga ito. Ang pagsasanay ng mga guro ay madaliang isinagawa, kolaborasyon ng ibang miyembro ng komunidad maliban sa guro sa pagbuo ng materyal.

Isa sa mga adyenda ng K to12 na Kurikulum ay matugunan ang *job market* at ang pangangailangan ng industriyalisadong bansa sa mga *caregiver* (San

Juan 103), kung ganito ang tunguhin ng kurikulum, hindi maisasalugar nang maayos ang layunin ng pagpapatupad ng MTB-MLE sa dahilang maaari pa ring kumiling sa Ingles ang pagtuturo sa pagkokondisyon sa mag-aaral na makahanap ng trabaho sa labas ng bansa. Sinasalamang nito ang mismatch sa estratehiya ng pagpapatupad ng layunin ng MTB-MLE at ng pangkabuuang layunin ng K to 12 na kurikulum. Tumataliwas din ito sa kabuuang layunin ng UNESCO sa pagpapatupad ng ng Mother Tongue Instruction.

Ayon sa nakalap na datos, ang kalakasan ng pagpapatupad ng MTB-MLE ay nakasalalay sa mga guro dahil sila ang nangangasiwa ng programa at sila rin ang aktuwal na nagpapatupad nito. Kung susuriin, ang oportunidad na ilahad ay tumutukoy sa mga gawain o bagay na makatutulong sa pagpapabuti sa implementasyon ng MTB-MLE gaya ng kolaborasyon ng mga stakeholder na makatutulong sa paglutas ng mga hamon at banta sa pagpapatupad nito.

Kalakasan	Pagkakaroon ng positibong atityud ng mga guro lalo na sa mga hamon sa pagtuturo gaya ng: Pagkakaroon ng bukas na pag-iisip at positibong pananaw sa mga pagbabagong ipinatutupad; Pagiging malikhain at maparaan ng mga guro Pagkakaroon ng positibong atityud sa mga training na ibinibigay; Paggawa ng mga gawain sa abot ng kanilang makakaya Pagkakaroon ng pagkukusa ng mga guro gaya ng pagsasaliksik ng mga salitang ipapalit sa malalalim na terminolohiya at pananaliksik sa mga aralin Pagkakaroon ng kolaborasyon at pagtutulungan sa pagbubuo ng mga kagamitang pampagtuturo o Instructional Materials Kolaborasyon ng mga guro ng mga paaralan sa iba't ibang distrito Pagkakaroon ng oryentasyon o pagpapaliwanag sa mga magulang ng kahalagahan ng MTB-MLE Pag-aangkla ng mga aralin sa lokal na komunidad at karanasan o konteksto ng mga mag-aaral Pagiging bukas ng mga guro sa karagdagang training/workshop/seminar
Kahinaan	Kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo (gumagastos ang mga guro para bumili ng mga kagamitan gaya ng diksiyunaryo, larawan, at mga totoong larawan; at ang mga aklat na ibinigay ay hindi sapat para sa bilang ng mga mag-aaral) Patuloy na paggamit sa mga aklat ng mga salitang archaic o malalalim na salitang Hiligaynon na hindi na ginagamit Kakulangan sa mga seminar/training/workshop para sa mga administrador at guro bago ipinatupad ang programa Kakulangan ng sapat na panahon sa guro para maghanda ng mga kagamitang pampagtuturo sa lahat ng aralin at asignatura Hindi sapat na masteri ng guro sa wikang Hiligaynon Pagsasagawa ng training gamit ang cascade training Pagiging di tugma ng layunin ng polisiyang pangwika sa layunin ng kabuoang Programa ng K-12 Kakulangan ng mga guro sa pagsasanay sa kontekstuwalisasyon Walang malinaw na probisyon sa mag-aaral na lumipat mula sa ibang lugar at iba ang unang wika
Oportunidad	Kolaborasyon ng mga guro Kolaborasyon sa iba't ibang miyembro ng komunidad Estandardisasyon ng Hiligaynon Pagiging bukas ng mga guro sa pananaliksik Kolaborasyon sa iba't ibang tao lalo na sa mga eksperto sa iba't ibang larang sa komunidad Napag-aralan at napagtuunan ang mga bagay tungkol sa lokal na komunidad Paghingi ng karagdagang training/seminar/workshop na may kinalaman sa MTB-MLE Pagbibigay-tuon sa kultura at pamana ng komunidad
Banta/Hamon	Sariling pananaw/opinyon ng guro at magulang sa MTB-MLE Politika sa MTB-MLE Pagtutol mula sa ibang guro at mga magulang sa pagpapatupad ng MTB-MLE, at maaaring iba pang miyembro ng komunidad Kawalan ng malakas na ugnayan ng iba't ibang stakeholder sa Programa Lingguwistiko, politikal, kultural, at ekonomikong kondisyon ng komunidad

Fig. 3. Kalakasan, Kahinaan, Oportunidad, at Banta/Hamon sa MTB-MLE

Sa pamamagitan ng pag-alam ng mga kalakasan, kalakasan, oportunidad, at mga banta at hamon sa pagpapatupad ng MTB-MLE, maaaring maipalano ang mga gagawing estratehiya na maaari ring magimpluwensiya sa pagpapatupad nito maging sa polisiya para matugunan pa ang mga pangangailangan, maalis ang mga banta, at maresolba ang mga hamon ng polisiyang pangwika. Sinasalamang ng datos na ang mga estratehiya ng pagpapatupad ng MTB-MLE ay dapat nakaangkla sa ekonomiko, kultural, lingguwistiko, at politikal na kalagayan ng komunidad para matamo ang layunin nito. Ang pagtutol ay mahihinuha nakaangkla sa mga kalagayang ito halimbawa na lamang ang kawalan ng estandarisadong pagbabaybay (lingguwistiko), pagkiling sa Ingles sa paniniwalang ito ang wika sa paghahanap ng trabaho lalo na sa labas ng bansa (ekonomiko), kakulangan ng suporta sa paglikha ng dokumentaryong kultural para sa mga kagamitang panturo (kultural), at iba pa. Ayon kay Jernuud at Das Guspta, ang plano ay kinakailangan ng atensiyon ng mga politikal, edukasyonal, ekonomiko, at lingguwistikong awtoridad nang may koordinasyon (187).

Ang pag-alam sa mga salik na ekonomiko, kultural, lingguwistiko, at politikal ay mahalaga sa ikatatagumpay ng programa sa upang magabayan ang mga desisyong may kinalaman sa mga estratehiyang nararapat sa pagpapatupad nito, makita ang pagtutugma o hindi pagtutugma ng nilalaman at layunin ng aralin at kurikulum, at gayundin ang pagbuo ng mga desisyon hinggil sa pagtatalaga ng pondo.

Ang pagtutol ng mga guro at magulang ay lumilikha ng indibidwal na pagpapangasiwa o desisyon hinggil sa pagpapatupad ng polisiyang pangwika o pagmamanipla na sitwasyong lingguwistiko, sa bahay at sa klasrum, na hindi tumutugma sa layunin at pangangailangan ng programa na maaaring humantong sa alanganing pagkatuto ng mag-aaral at kabiguan ng programa.

Rekomendasyon

Kailangang mabigyan ng sapat na training ang mga guro at mabigyan ng mga demonstrasyon sa pagtuturo ng Mother Tongue, at madagdagan ang kanilang kaalaman sa konseptuwalisasyon at lokalisasyon. Magbigay rin ng mga re-training o follow-up training. Tuloy-tuloy na training ang kailangan para maproseso nang maayos ng mga guro ang kanilang natutuhan, at

masolusyunan ang mga balakid na kanilang nakikita sa implementasyon. Kailangang bigyan ng sapat na pagsasanay ang mga guro sa pagbuo ng kanilang sariling mga kagamitang panturo gamit ang Mother Tongue at para sa pagtuturo ng Mother Tongue bilang asignatura. Kailangang magmula ang inisyatibo sa pinakamababang lebel (paaralan) sa pag-alam ng mga kakulangan sa programa gaya ng training, at pag-alam ng mga suliranin para ang mga ito ay mahanapan ng solusyon. Dapat ding magkaroon ng pagmomonitor at ebalwasyon hindi lamang sa implementasyon ng programa kundi pati rin sa paraan ng pagtuturo ng guro.

Makabubuting ibahagi sa mga magulang ang gabay sa ortograpiya para magabayan ang kanilang mga anak sa wastong pagbabaybay. Isa rin ito sa mga paraan na maturuan sila kahit sa hindi direktang paraan. Palawakin pa ang gawain sa adbokasiya para mahikayat ang komunidad sa paggawa at pagbahagi ng mga pantulong na kagamitan.

Dapat ang Teacher Education Institution (TEI's) ang mangunguna sa pangangasiwa ng pagbibigay ng mga pagsasanay sa mga guro at sa pagsusulong ng mga gawain na may kinalaman sa MTB-MLE. Iminumungkahi ring gawin ang bottom-up na ebalwayson sa mga kakailanganing mga pagsasanay at gawain sa MTB-MLE.

Hikayatin ang lokal na pamahalaan sa pakikisangkot sa programa dahil ito ay makatutulong nang malaki sa implementasyon ng MTB-MLE sa dahilang maaaring magsagawa ng mga gawain o programa ang lokal na pamahalaan na magpapabilis ng pagpapalaganap ng kaalaaman tungkol sa MTB-MLE sa komunidad. Mabigyang-pansin din ang kamalayang pangkomunidad at pagsasakilos ng komunidad o *community awareness and mobilization* bilang mahalagang salik sa matagumpay na MTB-MLE. Kailangan ng malaking pondo sa mga gawaing pangadbokasiya, pagsasanay sa guro, at para sa kagamitang pampagtuturo.

Iminumungkahing gumawa ng pag-aaral tungkol sa isinasagawang paghahanda ng mga Teacher Education Institutions sa paghahanda ng mga mag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Elementary Education sa pagtuturo ng Mother Tongue bilang subjek at bilang midyum ng instruksiyon, at ang mga isinasagawang hakbang ng mga TEI sa pagsuporta sa kailangang training ng mga guro. Kailangan ding alamin ang ekonomiko, kultural, lingguwistiko, at politikal na kalagayan ng komunidad para maitugma ang mga hakbang o estratehiya sa pagpapatupad ng MTB-MLE.

SANGGUNIAN

Mga Aklat

- Bernabe, Emma J. *Language Policy Formulation, Programming, Implementation and Evaluation in Philippine Education (1565-1974)*, 1987. Limbag.
- Constantino, Pamela C. *Katutubo vs Banyaga*. Sentro ng Wikang Filipino, 2014. Limbag.
- McCullough, Constance Mary. *Preparation of textbooks in the Mother Tongue: A Guide for Those Who Write and Those Who Evaluate Textbooks in any Language*. National Institute of Education: Department of Curriculum, Methods, and Textbooks, 1965. Limbag.
- Nolasco, Ricardo. *21 Reasons Why Filipino Children Learn Better While Using Their Mother Tongue: A Primer on Mother Tongue-Based Multilingual Education (MLE) and Other Issues on Language and Learning in the Philippines*. Guro Formation Forum, University of the Philippines, January 2009. Limbag.
- Spolsky, Bernard. *Language Policy*. Cambridge University Press, 2004. Limbag.

Mga Artikulo at Dyornal

- Alicias, Eduardo R. "Yes to Filipino-English bilingualism." <https://opinion.inquirer.net/88696/yes-to-filipino-english-bilingualism>. *Inquirer.net*. September 20, 2015. Web. 16 July 2016.
- Amparo, Jonevee. "Evaluation of the Preparation and Implementation of Mother Tongue-Based Multilingual Education." *Paper Proceedings of the Fourth International Conference on Language, Literature & Society* (2017):110-116. Web. 19 July 2017.
- Ausiku, Justus K. *An Evaluation of the Implementation of the Namibian Language-in-Education Policy in the Upper Primary Phase in Oshana Region*. MA thesis. University of South Africa, 2010. Web. 16 November 2015.
- Burton, Lisa. *Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines: Studying Top-Down Policy Implementation from the Bottom Up*. Diss. University of Minnesota, 2013. Web. 08 April 2015.
- Ball, Jessica. "Enhancing learning of children from diverse language backgrounds: Mother tongue-based Bilingual or Multilingual Education in Early Childhood and Early Primary School Years." Paper commissioned by UNESCO Basic Education Division, Paris. <http://unesdoc.unesco.org/images/0018/001869/186961e.pdf>. Web. 13 July 2015. Web. 13 July 2015.
- Benson, Carole. "The Importance of Mother Tongue-Based Schooling". 2004. <https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000146632>. Web. 16 July 2016.
- Castor, Tagyamon Jr. "Off-centered Butuan: A critical analysis of instructional materials and classroom interactions in the mother tongue-based multilingual education in Butuan City." *International Journal of Research Studies in Language Learning*, Vol 5, No. 1 (2016): 61-78. Web. 11 November 2015.
- Collier, Virginia and Thomas, Wayne P. "School Effectiveness for Language Minority Students." George Mason University. 1997. <https://eric.ed.gov/?id=ED436087>. 23 July 2015.
- Constantino, Pamela. "Ganito na Noon, Ganito Uli Ngayon: Pagtalunton sa Kasaysayan at Daynamiks ng Multilinggwal na Edukasyon sa Pilipinas" *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* Vol. 20 (2014):190-207. 18p. Web. 01 October 2015.
- Cummins, Jim. (1979). "Cognitive/Academic Language Proficiency, Linguistic Interdependence, the Optimum Age Question and Some Other Matters." *Working Papers on Bilingualism*, No. 19 (1979). https://www.researchgate.net/publication/234573070_CognitiveAcademic_Language_Proficiency_Linguistic_Interdependence_the_Optimum_Age_Question_and_Some_Other_Matters_Working_Papers_on_Bilingualism_No_19/citation/download. Web. 23 July 2020.
- Dutcher, N., Tucker, G.R. "The Use of First and Second Languages in Education: A review of Educational Experience." *Washington, DC: World Bank, East Asia and the Pacific Region, Country Department III*. (1994). Web. 23 September 2015.
- Dumatog, R., and Diane Dekker. "First Language Education in Lubuagan, Northern Philippines." *Paper presented to the Conference on Language Development, Language Revitalization and Multilingual Education in Minority Communities in Asia, Bangkok, Thailand*. (November 6-8 2003). Web. http://www.sil.org/asia/lde/parallel_papers/dumatog_and_dekker.pdf. Web. 23 September 2015.
- Esliit, Edgar. (2017). "Binisaya" Instruction: Facing the MTB-MLE Challenges Head-on." 10.13140/RG.2.2.22204.95363. https://www.researchgate.net/publication/321025673_Binisaya_Instruction_Facing_the_MTB-MLE_Challenges_Head-on/citation/download. Web. 16 July 2020.
- Espada, Janet T., et al., "Challenges in the Implementation of the Mother Mongue-based Multilingual Education Program: A Case Study." *Research Journal of English Language and Literature (RJELAL)*. Volume 5. (2017): 510-527. Web. 16 July 2020.
- Gallego, MK S. and Zubiri, LA M. "MTBMLE in the Philippines: Perceptions, Attitudes, and Outlook." University of the Philippines Diliman. <https://mlephil.files.wordpress.com/2013/08/mtbmle-in-the-philippines-perceptions-attitudes-and-outlook.pdf>. Web. 23 July 2020.

- Hashemi Toroujeni, Seyyed Morteza & Samani, Fs & Shahbazi, Vahide. "Strengths, Weaknesses, Opportunities and Threats (SWOT) Analysis and Strategic Planning for Iranian Language Institutions Development". *Journal of Applied Linguistics and Language Research*. 4 (2017): 139-149. https://www.researchgate.net/publication/315054133_Strengths_Weaknesses_Opportunities_and_Threats_SWOT_Analysis_and_Strategic_Planning_for_Iranian_Language_Institutions_Development. Web. 16 July 2020.
- Hayes, David. (2000). "Cascade training and teachers' professional development." *ELT Journal*. 54. 10.1093/elt/54.2.135. https://www.researchgate.net/publication/31211655_Cascade_training_and_teachers'_professional_development/citation/download. Web. 16 July 2020.
- Haugen, Einar. "Instrumentalism In Language Planning." Can Language Be Planned?: Sociolinguistic Theory for Developing Nations, edited by JOAN RUBIN and BJÖRN H. JERNUDD, University of Hawai'i Press, 1971, pp. 267–276. JSTOR, www.jstor.org/stable/j.ctv9zckn9.20. 16 July 2020.
- Jernudd, Björn H., and Jyotirindra Das Gupta. "Towards a Theory of Language Planning." Can Language Be Planned: Sociolinguistic Theory for Developing Nations, edited by Björn H. Jernudd and Joan Rubin, University of Hawai'i Press, (1971):185–204. JSTOR, www.jstor.org/stable/j.ctv9zckn9.15. Web. 16 July 2020.
- Malone, Susan. "Planning Mother Tongue-Based Education Programs in Minority Language Communities." *Resource Manual for Planning and Implementing Mother Tongue-Based Education Programs in Non-Dominant Language Communities*. Summer Institute of Linguistics (2010). https://www.sil.org/system/files/data/37/28/09/37280955906615243006691430940780490013/MLE_Program_Planning_Manual.pdf. Web. 09 November 2015.
- Malone, Susan. "Factors to Consider in Developing, Assessing and Revising Curriculum and Teaching-Learning Materials for MTB-MLE Programs". *Summer Institute of Linguistics*, April 2011. Limbag.
- Monje, Jennifer D.; Orbeta, Aniceto C.; Francisco-Abrigo, Kris A.; Capones, Erlinda M. (2019): "Starting where the children are: A process evaluation of the mother tongue-based multilingual education implementation." *PIDS Discussion Paper Series, No. 2019-06, Philippine Institute for Development Studies (PIDS)*, Quezon City. <https://www.econstor.eu/bitstream/10419/211080/1/1669364232.pdf>. Web. 22 July 2020.
- Mathews, William J. "Constructivism in the Classroom: Epistemology, History, and Empirical Evidence." *Teacher Education Quarterly*. Summer 2003. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ852364.pdf>. Web. 22 July 2020.
- Măță, Liliana. (2013). Pedagogical Competencies for Mother-Tongue Teacher Education. *Educational Sciences: Theory & Practice*. 14. 10.12738/estp.2014.1.1723. https://www.researchgate.net/publication/274452207_Pedagogical_Competencies_for_Mother-Tongue_Teacher_Education/citation/download. Web. 07 November 2015.
- Mondez, Remilyn. "Appropriateness of Mother-Tongue Based Multi-Lingual Education (MTB-MLE) in Urban Areas: A Synthesis Study" *International Journal of Science and Research (IJSR)*, India Online ISSN: 2319-7064. (2013): 611-620. <https://www.ijsr.net/archive/v2i1/IJSRON2013351.pdf>. Web. 22 July 2020.
- Nolasco, Ricardo. *The Prospects of Multilingual Education and Literacy in the Philippines* (September 17, 2008). Web. 07 October 2015.
- Nolasco, Ricardo. "21 Reasons Why Filipino Children Learn Better while Using Their Mother Tongue: A Primer on Mother Tongue-based Multilingual Education (MLE) & Other Issues on Language and Learning in the Philippines." University of the Philippines Diliman. ND. Web. 07 October 2015.
- Quijano, Yolanda S., and Ofelia H Eustaquio. "Language-in Education Policies ang their Implementation in the Philippine Public Schools". *Mother Tongue as a bridge of Language of Instruction: Policies and Experiences in Southeast Asia* 84-92 (2009). The Southeast Asian Ministers of Education Organization (SEAMO) Secretariat (2009). Web. 23 July 2020.
- Rubin, Joan. "Evaluation and Language Planning." Can Language Be Planned: Sociolinguistic Theory for Developing Nations, edited by Joan Rubin and Björn H. Jernudd, University of Hawai'i Press (1971):205–238. JSTOR, www.jstor.org/stable/j.ctv9zckn9.16. 16 July 2020.
- San Juan, David Michael M. "Kaisipang Nayonalista at Teoryang Dependensiya sa Edukasyon: Ideolohikal na Kritik ng Programang K-12 ng Pilipinas." *Malay Vol 26, No. 1 (2013):96-120*. 16 July 2020.
- Skutnabb-Kangas, Tove. *The Stakes: Linguistic Diversity, Linguistic Human Rights and Mother Tongue-Based Multilingual Education – or Linguistic Genocide, Crimes against Humanity and an Even Faster Destruction of Biodiversity and Our Planet*. Bamako International Forum on Multilingualism, Bamako, Mali, 19-21 January 2009. Web. 09 November 2015.
- Tucker, Richard G. "A Global Perspective on Bilingualism and Bilingual Education." *Eric Digest* (1999). <http://citeseerx.ist.psu.edu/viewdoc/download?doi=10.1.1.532.7448&rep=rep1&type=pdf>. Web. 16 July 2020.
- Walter, Stephen L. "Mother Tongue-based Education in Developing Countries: Some emerging Insights." https://www.researchgate.net/profile/Stephen_Walter2/publication/267849180_Mother_Tongue-based_Education_in_Developing_Countries_Some_emerging_insights/links/54d4d9a30cf2970e4e63c163/Mother-

- Tongue-based-Education-in-Developing-Countries-Some-emerging-insights.pdf. Web. 20 July 2020.
- Young, Catherine. "Good Practices in the Mother Tongue-First Multilingual Education". *Mother Tongue as a bridge of Language of Instruction: Policies and Experiences in Southeast Asia* (2009): 120-135. Web. 16 July 2020.
- Young, Catherine. *Enablers and Constraints of an Effective and Sustainable Mother Tongue-Based Multilingual Education Policy in the Philippines*. Diss. Bangor University, 2011. Web. 11 April 2016.
- . "Convention against Discrimination in Education 1960." http://portal.unesco.org/en/ev.php-URL_ID=12949&URL_DO=DO_TOPIC&URL_SECTION=201.html. Web. 26 August 2016.
- . Department Order 28, s. 2013 – Additional Guidelines to DepEd Order No. 16, s. 2012 (Guidelines on the Implementation of the Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE)). <https://www.deped.gov.ph/2013/07/05/do-28-s-2013-additional-guidelines-to-deped-order-no-16-s-2012-guidelines-on-the-implementation-of-the-mother-tongue-based-multilingual-education-mtb-mle/>. 23 July 2013.
- . Department Order DO 74, s. 2009: Institutionalizing Mother Tongue-Based Multilingual Education (MLE). <http://www.deped.gov.ph/orders/do-74-s-2009>. Web. 19 September 2014.
- . Department Order 32, Series of 2012: Implementing Rules and Regulations of the Republic Act (R.A) 10157 Otherwise known as "The Kindergarten Education Act". http://ceap.org.ph/upload/download/201210/17141259891_1.pdf. Web. 30 May 2015.
- . K to 12 Curriculum Guide for Mother Tongue. <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Mother-Tongue-CG.pdf>. Web. 19 September 2014.
- . Mother Tongue Based Literacy Programmes: Case Studies Of Good Practice in Asia. <http://unesdoc.unesco.org/images/0015/001517/151793e.pdf>. Web. 03 November 2014.
- . Republic of the Philippines. "Republic Act 10533." *An Act Enhancing The Philippine Basic Education System by Strengthening Its Curriculum And Increasing The Number of Years For Basic Education, Appropriating Funds Therefor And For Other Purposes*. Senate and House of Representatives of the Philippines in Congress. July 2012. <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>. Web. 19 November 2014.
- . UNESCO. "Improving the Quality of Mother Tongue Based Literacy and learning: Case Studies from Asia, Africa and South America." UNESCO Asia and Pacific Regional Bureau for Education (2016). <http://unesdoc.unesco.org/images/0017/001777/177738e.pdf>. Web. 03 November 2014.
- . UNESCO. "Mother Tongue Based Programmes: Case Studies of Good Practice in Asia". UNESCO Asia and Pacific Regional Bureau for Education (2007). <http://unesdoc.unesco.org/images/0015/001517/151793e.pdf>. Web. 03 November 2014.
- . UNESCO. "Education in Multilingual World." *A Position Paper*. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (2003). <https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000129728>. Web. 16 July 2020.
- . UNESCO. "Advocacy Kit for Promoting Multilingual Education: Including the Excluded." UNESCO Office Bangkok and Regional Bureau of Education in Asia and the Pacific (2007). <https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000152198>. Web. 16 July 2016.
- . UNESCO. "The Use of Vernaculars In Education." United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (1953). <http://unesdoc.unesco.org/images/0000/000028/002897EB.pdf>. Web. 23 June 2013.
- . United States Agency for International Development. DEP/AME: Philippines Analytic Support Services for Early Grade Reading (PhilEd Data II). (2014). https://www.eddataglobal.org/documents/index.cfm/PhilED%20Data%20II%20MT_EGRA_Final_SUBMIT_8-8-14.pdf?fuseaction=throwpub&ID=626. Web. 22 March 2016.
- . "United State Agency for International Development. PhilEd Data: Strengthening Information for Education, Policy, Planning and Management in the Philippines." https://iercpublishfiles.s3.amazonaws.com/public/resources/PhilEdData_Firth_Toolkit_formatted_10.pdf. Web. 20 September 2014.

Mga Tesis

- Jardenil, Neva A. *A survey of the use of the vernacular as medium of instruction in twelve Philippine public schools with particular reference to Iloilo*. Tesis. University of the Philippines, 1962. Limbag.